

Alamin ang Inyong Mga Opsyon para sa Paggamot at Pag-iwas sa COVID-19

Marami na ngayong opsyon sa paggamot na available para sa COVID-19. Bagaman ang karamihan ng mga tao ay hindi kailangan ng paggamot, ang mga paggamot ay maiiwasan ang pagkakaospital at pagkamatay para sa mga taong mataas ang panganib. Kausapin ang inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung kayo ay nasa panganib na magkaroon ng malubhang sakit at interesado sa therapy na pang-iwas O kung kayo ay mataas ang panganib at nasuring positibo para sa COVID-19.



Ang mga paggamot ay hindi pamalit para sa pagpapabakuna. Nananatili pa ring pinakaligtas at pinakamabisang paraan ang pagpapabakuna para maprotektahan kayo mula sa COVID-19. Dapat simulan nang maaga ang mga paggamot, kaya huwag ipagpaliban ang pagpapasuri. Narito ang impormasyon sa 6 na available na mga paggamot ng COVID-19.

	Evusheld	Paxlovid	Molnupiravir	Bebtelovimab	Remdesivir
Sino ang kwalipikado?	<ul style="list-style-type: none"> Mga nasa edad na 12+ Mga taong walang impeksyon ng COVID-19 O kamakailang pagkaka-expose; AT ang mga: <ul style="list-style-type: none"> Humina ang resistensya (immunocompromised), Nakatanggap ng paggamot na nakakapagpahina ng resistensya, O Hindi maaaring mabakunahan dahil sa matinding allergic reaction. 	<ul style="list-style-type: none"> Mga nasa edad na 12+ Mga taong may COVID-19 na nasa mataas na panganib na magkaroon ng malubhang sakit. 	<ul style="list-style-type: none"> Mga nasa edad na 18+ Mga taong may COVID-19 na nasa mataas na panganib na magkaroon ng malubhang sakit 	<ul style="list-style-type: none"> Mga nasa edad na 12+ Mga taong may COVID-19 na nasa mataas na panganib na magkaroon ng malubhang sakit 	<ul style="list-style-type: none"> Mga nasa hustong gulang at mga bata na mahigit sa 3.5 kg (8lbs) Mga taong may COVID-19 na hindi naospital ngunit nasa mataas na panganib na magkaroon ng malubhang sakit
Kailan ito dapat simulan?	Bago ang impeksyon para tumulong sa pag-iwas sa COVID-19	Sa loob ng 5 araw mula nang magsimula ang mga sintomas	Sa loob ng 5 araw mula nang magsimula ang mga sintomas	Sa loob ng 7 araw mula nang magsimula ang mga sintomas	Sa loob ng 7 araw mula nang magsimula ang mga sintomas
Paano ito ibinibigay?	Iniksyon	Mga gamot na iniinom nang 5 araw	Mga gamot na iniinom nang 5 araw	Isang beses na Intravenous Infusion (IV)	Isang beses sa isang araw na Intravenous Infusion (IV) nang 3 araw
Saan ito maaaring ibigay?	Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan/ Infusion Center	Bahay	Bahay	Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan/ Infusion Center	Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan/ Infusion Center

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang: <https://covid-19.acgov.org/treatment>

